

Chapter *One*

“So paano, Nat? Tuloy ka ba sa party ni Roxanne next week?” nakangiting tanong sa kanya ng best friend at roommate na si Belle. Kasalukuyan silang nasa condo dahil weekend at pareho silang walang pasok.

Iisa ang kompanyang pinapasukan nila, magkaiba lang ng department. Programmer siya, accountant naman si Belle.

“Oo. Bakit naman ako hindi matutuloy?” Patuloy ang pagnugya ni Nat ng potato chips, nakatutok ang atensyon sa pinapanood sa TV.

“Naisip ko lang na baka hindi mo feel pumunta dahil sa nangyari.”

Kunot-noo siyang tumingin sa direksyon nito. Alam niya na puwedeng maging awkward kung a-attend siya ng birthday party ng isa sa mga kasamahan nila sa opisina pero imbitado siya ng may kaarawan, at wala siyang nakikitang dahilan para hindi um-attend sa nasabing okasyon. After all, wala siyang ginawang masama at wala siyang inagrabyadong tao.

Fourteen days na pala ang nakakalipas mula nang mangyari ang insidente, pero malinaw pa rin sa alaala ni Nat ang mga kaganapan.

Lunch time nila noon kaya naisipan ni Nat na magpalipas muna ng oras sa locker room. Dahil ilang araw na siyang puyat sa bagong project na hawak niya, may palagay siya na anumang sandali ay tutumba na siya kung hindi siya iidlip kahit ilang minuto lang.

Pagbukas niya ng pinto ay may narinig siyang mahihinang ungol na kung hindi siya nagkakamali ay nagmumula sa likod ng pantry kung saan nakapwesto ang mga kamang nakalaan para sa kanila. Luminga-linga muna siya sa paligid upang masiguro kung saan nagmumula ang ingay.

Tahimik siyang humakbang palapit. Hindi siya

tsismosa pero mas nanaig ang curiosity niya.

Hindi pa man siya ganap na nakakalapit ay naisip na niya kung ano ang maaaring dahilan ng mga pag-ungol. Agad siyang tumalikod para muling lumabas nang siyang pagpasok naman ng iba nilang kasamahan. Bago pa niya mapigilan ang mga ito ay dere-derecho na ang mga ito sa loob.

Malakas na lagabog ang sunod nilang narinig bago ang isang malakas na tili. Napatakbo na rin siya sa pinanggalingan ng sigaw.

Kitang-kita niya ang halos pagluwa ng mga mata ng mga kasama niya sa nadatnang eksena. Naitakip na lang ni Nat ang dalawang kamay sa bibig niya sa labis na kabiglaan.

Hayun si Mark, nakahiga sa kama, long sleeves polo na lang ang natitirang saplot sa katawan. Bukas ang ilang butones ng polo nito at maluwag na ang pagkakatali ng neck tie. Si Rose na nakahiga sa sahig ay pang-itaas na lang din ang suot. Magulong-magulo ang bedsheet at hindi na nila kailangan pang maging henyo para mahulaan na hindi lang basta tulog ang ginawa ng mga ito.

Siguro hindi naisip ng dalawa na may papasok sa locker room dahil sanay ang mga itong sa labas

sila kumakain. Sa gulat marahil kaya nahulog ang kawawang si Rose mula sa kama.

“Shit!” narinig niyang mura ni Mark. “Nathalie, let me explain.” Hindi magkandatutong tinakpan nito ang ibabang bahagi ng katawan.

Kunot-noong napatingin siya sa lalaki. “Why?”

Hinatak nito ang kumot at ibinalot iyon sa baywang pababa bago mabilis na lumapit sa kanya. Sa gilid ng mga mata niya ay nakita niyang tumayo na rin si Rose at nag-umpisa nang magbihis.

“Look, I can explain. It’s not what you think it is.”

Nagtaka pa siya sa pag-aalalang nababasa niya sa mukha nito. Saka niya naalalang boyfriend niya nga pala ito—for almost a week now. Nang ganap ng mag-sink-in sa kanya ang sitwasyon ay isang ngiti ang sumilay sa mga labi niya.

“Mark, it’s okay. Don’t worry about it. ”

Nakita niya ang unti-unting pagliwanag ng mukha nito sa sinabi niya.

He reached for her hands. “So you mean pinapatawad mo ako? Na okay pa rin tayo?”

Bumitiw si Nat sa pagkakahawak nito at hinawakan ito sa magkabilang balikat. “Look, I’m not mad at you. We’re still friends.”

“Friends?”

Tumango siya. “Yeah, friends. I know that one of these days, darating din ’yung pagkakataon na may mahahanap kang iba kaya hinanda ko na ’yung sarili ko sa ganito. And I guess it worked. Tingnan mo ngayon. Handang-handa ako.”

“But you know I love you,” giit nito.

Really? You love me but you’re making love with someone else? gusto niyang isumbat dito.

“Mukhang mas love mo naman siya. And, Mark? I’m happy for the two of you. In fairness, bagay kayong dalawa.” Tinapik pa niya ang pisngi nito bago ito tinalikuran.

Sa totoo lang, ni hindi man lang siya naapektuhan sa nasaksihan. Mas nangibabaw pa nga sa kanya ang relief dahil plano na talaga niyang makipag-break dito. Lamang ay hindi pa siya nakakahanap ng pagkakataon.

Matapos ng insidenteng iyon ay hindi na muling nakaharap ni Nathalie ang mga ito. Buti at sa ibang floor ang opisina ng dalawa. Ilang beses din siyang tinawagan ni Mark ngunit siya na ang kusang umiwas. Kung anuman ang sasabihin nito ay wala na siyang pakialam.



“What’s with that smile?”

Naputol ang paglalayag ng isip niya nang marinig na muling nagsalita ang kaibigan. Nagulat pa siya nang makita ang kalituhan sa ekspresyon nito. Nakalimutan na niyang nandoon nga pala ang best friend niya.

“Belle, you should have seen their faces. Para silang natuka ng ahas, as in!” Hindi niya napigilan ang malutong na pagtawa.

Napasimangot ito sa sinabi niya. “Masaya ka pa, eh, niloko ka na nga ng Mark na ’yun.”

“Mas apektado ka pa kaysa sa akin. Ako nga, tinatawanan ko lang ’yun ’tapos ikaw nagmumukmok dahil lang d’un.”

“Concerned lang ako sa ’yo. Hindi tama ’yung ginawa sa ’yo ng ex mo. Alam ko naman na hindi ka in love d’un at alam ko rin na hindi mo dinibdib ’yung nakita mo. Pero paano kung dumating ’yung oras na totoong in love ka na at ginawa sa ’yo ’yun n’ung lalaki? Hindi naman pwedeng lahat na lang ay idadaan mo sa tawa.”

Tinakpan ni Nat ng isang kamay ang bibig nito

dahil alam na niya kung saan pa hahantong ang usapan nila. Ilang beses na rin kasi itong naulit. Sa tuwing makikipag-break siya ay pasimple siya nitong pinagagalitan. Daig pa ni Belle ang kanyang ina kung makapanermon.

“Ayan ka na naman. Paranoid ka lang, best friend. Don’t worry, I will always be okay,” paniniguro niya.

Hindi niya ito masisisi kung magsalita man ng ganoon dahil totoo ang mga sinabi nito. High school siya noong una siyang magka-boyfriend. Nadaan lang sa tuksuhan ng mga kaklase. Magmula noon ay nakailang nobyo na rin siya. Hindi nagtatagal ang mga relasyon, dala na rin siguro ng kabataan.

Si Belle—NBSB pa, no boyfriend since birth.

“It’s better to be paranoid than sorry.” Iyon ang paborito nitong motto sa buhay.

“Belle, wala ka bang planong mag-boyfriend? Ang dami namang nanliligaw sa ’yo. Bakit hindi mo sagutin ang isa sa mga ’yun?”

Tinitigan ni Nathalie ang kaibigan. Maganda nga, pero binuburo lang nito iyon araw-araw sa trabaho-bahay na routine.

“Namomroblema na nga ako sa mga boyfriends mo, what more kapag ako na ang talagang nakipag-boyfriend? Hay, siguradong sasakit lang ang ulo ko.”

“Kung naging lalaki lang ako, liligawan kita.”

“Kung naging lalaki ka lang at niligawan mo ako, siguradong babastedin kita dahil alam kong puro heartache lang ang ibibigay mo sa akin.”



“Nat, narinig mo na ba ang latest?” tanong ni Karen.

Mula sa monitor ng computer ay nabaling ang tingin niya kay Karen. Kung anuman ang latest na sinasabi nito ay gusto niyang marinig. Lunes kaya busy na naman sa buong opisina, pero kung hindi na nito nahintay ang lunch break para lapitan siya ay talaga sigurong interesante ang chika nito sa kanya.

“Nope. Tungkol saan?” Prenteng sumandal siya sa swivel chair at inihanda ang sarili sa anumang sasabihin nito. Expect Karen to be the first to know the latest news in their building.

Umupo ito sa upuang nasa harapan ni Nat at

tinitigan siya. “Are you sure?”

“Yes.”

Nang hindi ito kaagad nagsalita, siya na mismo ang kusang nagbukas ng usapan. “Does your latest chicka involve me?”

Marahan itong tumango. She knew it.

“So, spill. Kung kasali pala ako, dapat lang na malaman ko, di ba?”

“Are you sure?”

“Yes,” exasperated niyang ulit.

Tumikhim muna ito bago sinimulan ang kuwento. Ayon dito, kalat na kalat na daw sa buong building na bitter siya sa nangyaring break-up nila ni Mark kaya kung anu-ano daw ang paninirang ginagawa niya para lang mapaghiwalay si Rose at ang ex niya. Hindi daw niya matanggap na ipinagpalit siya sa iba ng lalaki.

May balita pa nga daw na kumakalat na sinadya niyang isumbong sa management ang nangyari sa locker room para mawalan ng trabaho ang dalawa.

Sa totoo lang, wala siyang pakialam. May mga nakakita sa totoong nangyari, at alam na alam niyang narinig ng mga ito ang mga sinabi niya kay Mark.

Dagdag pa ni Karen, kaya daw nagkasira ang dalawa ay dahil tinakot niya na magpapakamatay siya pag hindi nakipagbalikan sa kanya si Mark. May mga sinabi pa ang babae pero hindi na malinaw sa kanya. Nabuwisit na kasi siya.

Imagine? Siya? Pinagbibintangan na nagmamakaawa sa isang lalaki. She didn't want to sound boastful pero hindi bagay sa kanya ang magmakaawa para lang mapansin ng isang Adan. It had always been the other way around.

Siya, si Nathalie Gonzales, ay hindi maghahabol sa isang lalaki. Never in her wildest imagination would she do such a thing.

“Don't mind them. Alam ng mga nakakakilala sa akin na hindi totoo 'yun.” Kahit nanggigigil siya ay hindi niya ipinahalata na apektado siya sa balita.

Mas mabuting kimkimin niya na lang ang saloobin niya para hindi na lumala ang gulo. Pag nag-react pa kasi siya, siguradong kakalat na naman iyon at baka sabihin pang bitter talaga siya.

“What? Gan'un na lang ba 'yun? Palalampasin mo na lang ba ang sinasabi ng malanding 'yun?” gigil na tanong ni Karen.

“Hayaan mo na lang sila. Wala naman sa akin

'yun.”

“Ikaw ang bahala. Paano iyan, pupunta ka pa rin ba sa birthday ni Roxanne?” nag-aalalang tanong nito.

Dalawang tao na ang nagtanong sa kanya ng tungkol doon. May dahilan ang mga ito na mag-alala dahil magpinsan sina Roxanne at Rose. At sa mga ganoong okasyon, imposibleng mawala ang huli.

“Bakit hindi? Wala namang kinalaman si Roxanne d'un, eh. And besides, kapag hindi ako sumama, baka isipin pa ng mga tao na bitter nga ako. Sayang ang kagandahan ko kung hindi ko irarampa, sister!”

“Korak! Gora!” cheer ni Karen, nakipag-high five pa bago nagpaalam na babalik na sa trabaho.



“Who was that?”

Kabababa lang niya ng phone nang marinig si Belle. Nakatalikod pa siya, but she was a hundred percent sure na nakasimangot ito.

“O, bes! Kanina ka pa ba?”

“Kararating ko lang.”

Hindi niya napigilan ang pagsilay ng ngiti kaya nagkunwari na lang siyang nag-aayos ng mga bulaklak sa flower vase na nasa lamesita para hindi makita ni Belle.

“Si Jerome.”

“Sinong Jerome?”

“My boyfriend.”

“What?” Nakita niya ang biglang panlalaki ng mga mata nito na animo nakarinig ng balitang hindi kapani-paniwala. Sinasabi na nga ba. Nahulaan na niya ang magiging reaksyon nito kapag nalaman nito na may bago na siyang boyfriend.

Tumango lang siya at ngumisi nang nakakaloko.

“Sinasabi ko na nga ba. Nathalie, baka nakakalimutan mong wala pang isang buwan mula nang mag-break kayo ni Mark.”

“Mas mabuti na ’yung nakahanap ako kaagad ng kapalit niya kaysa magmukmok ako,” aniya.

“Kung noon, napagpasensyahan kita kasi mga bata pa tayo, puwes ngayon, matatanda na tayo. You should be more careful when it comes to choosing the right guy.”

“I am always careful. ’Tsaka wala ka pa namang nababalitaan na nasaktan ako dahil sa isang lalaki, di ba? At imposibleng masaktan ako dahil kay Jerome. May usapan kami na kapag may nakita siyang iba, okay lang sa akin at gan’un din siya. Parang we’re dating but we’re not exclusive.”

“What? Akala ko narinig ko na lahat ng kalokohan na p’wedeng marinig pero heto pala at mas may malala pa. Ano ba talaga ang plano mo sa—” Nagpatuloy sa panenermon si Belle.

Pero hindi na siya nakinig dito. Sa halip, inalala niya kung paano sila nagkakilala ni Jerome.

